



# COVID-19 Screening para sa mga bata/estudyante

Pakisagutan bago pumasok sa lugar ng child care/JK-12 na paaralan.

Na-update Setyembre 1, 2021

## 1. Nararanasan ba ng bata/estudyante ang alinman sa sumusunod na bago o lumalalang mga sintomas?\*\*\*



Lagnat na  $>37.8^{\circ}\text{C}$  at/o pangangatal



Ubo



Hirap sa paghinga



Humina o pagkawala ng panlasa o pang-amoy



Pagduruwal, pagsusuka o pagtatae

• Kung ang bata/estudyante ay may kondisyon sa kalusugan na nadayagnos ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa kanila ng naturang sintomas, piliin ang "Hindi." Kung ang sintomas ay bago, iba o lumalala, piliin ang "Oo."

**Kung "Oo" sa alinmang sintomas:**



Manatili sa bahay at ihiwalay ang sarili



Magpa-suri **O kaya**



Makipag-ugnay sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

## 2. Mayroon bang sinuman sa inyong bahay ang may isa o higit pang mga sintomas ng COVID-19 at/o naghihintay ng mga resulta ng pagsusuri matapos magkaroon ng mga sintomas?

Oo

Hindi

• Kung ang bata/estudyante ay ganap na nabakunahan\* o nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at nadeklarang clear na, piliin ang "Hindi."

## 3. Sa nakaraang 10 araw, nasuri ba ang bata/estudyante na positibo sa rapid antigen test o home-based self-testing kit?

Oo

Hindi

• Kung nasuri silang negatibo magmula noon sa isang PCR test sa laboratoryo, piliin ang "Hindi."

## 4. Naabisuhan ba ang estudyante/bata bilang malapit na kontak ng isang tao na may COVID-19 o nasabihang manatili sa bahay o ihiwalay ang sarili?

Oo

Hindi

• Kung ang bata/estudyante ay ganap nang nabakunahan\* o nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at nadeklarang clear na o sinabi ng ahensiya ng kalusugan ng publiko na ang bata/estudyante ay hindi kailangang ihiwalay ang sarili, piliin ang "Hindi."

## 5. Sa nakaraang 14 na araw, pumunta ba ang bata sa labas ng Canada AT pinayuhang mag-quarantine ayon sa [mga iniaatas ng pederal na pamahalaan kaugnay ng quarantine](#)?

Oo

Hindi

**Kung "Oo" sa mga tanong 2, 3, 4 o 5:**



Manatili sa bahay at ihiwalay ang sarili



Sundin ang payo ng ahensiya ng kalusugan ng publiko



\* Ang ibig sabihin ng ganap na nabakunahan ay 14 na araw o higit pa matapos makuha ang pangalawang dosis ng serye ng dalawang dosis na bakuna o isang dosis ng serye ng solong dosis.

\*\*Sinumang maysakit o mayroong anumang mga sintomas ng karamdaman ay dapat manatili sa bahay at humingi ng pagsusuri mula sa kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan kung kinakailangan.